# FY2024「Follow-up Survey para sa mga Teknikal Intern Trainee na nakauwi na 」

（Buod1）

## 1. Layunin ng Survey

Ang layunin ng survey na ito ay upang mapag-aralan ang katayuan sa trabaho pagkatapos ng pagsasanay, pagbabago ng antas ng trabaho, at paggamit ng teknolohiya, kasanayan at kaalaman na nakuha sa bansang Hapon para sa mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang programang pagsasanay sa teknikal na intern at nakabalik na sa kanilang sariling bansa. Paglilinaw ng mga tunay na sitwasyon para sa mga teknikal intern trainee na nakabalik na sa kanilang sariling bansa at nagbibigay ng pangunahing impormasyon para matiyak na naaangkop at maayos ang pagpapatupad ng Technical Intern Training Program

## 2. Target ng Survey

Mga teknikal intern trainee na nakumpleto ang teknikal na pagsasanay at bumalik o **nagpalit ng status of residence** sa pagitan ng **Septyembre 1, 2024 hanggang Enero 31, 2025**, na ang nasyonalidad ay Vietnamese, Chinese, Indonesian, Filipino at Thai.
※ Kabilang na ang mga teknikal intern trainee na nagpaplanong baguhin ang kanilang residence status sa isang status maliban sa "technical intern training" at magtrabaho sa Japan o mga trainee na nagtatrabaho na sa Japan pagkatapos makumpleto ang kanilang technical intern training .

## 3. Paraan ng Survey

1) Magpapadalaang OTIT sa mga nangangasiwangorganisasyon at sa mga nagpapatupadna individual-enterprise-type training ng mga questionnaire sa sariling wika ng mga trainee at mga gabay kung paano sumagot sa online survey. Papakiusapan na ipamahagi ito ayon sa bilang ng mga trainee na nasa kanila.
2) Kukumpletuhin ng mga trainee ang questionnaire pagkatapos bumalik sa sariling bansa o pagkatapos na makumpleto ang training, at ipadadala ito sa survey office ng OTIT o sasagutin sa online.
3) Ang questionnaire ay isang anonymous basis at multiple choice style na may kasamang espasyo para sa mga free text.

## 4. Bi Bilang ng wastong tugon at rate ng pagtugon


Binilang at pinagsama ang mga tugon na ipinadala noong September 1, 2024 hanggang February 28, 2025.

| Bilang ng target ng Survey | Bilang ng mga Wastong Sagot | Rate ng pagtugon |
|---|---|---|
| 12,012 | 2,782<br>Kabilang na ang mga tumugon na 1,350(48.5%) na katao na “hindi pa nakakabalik sa sariling bansa) | 23.2% |

# Breakdown ng wastong tugon


## Kasarian ng mga tumugon

「Ang mga lalaki ay nasa 60.4% at ang babae ay nasa 38.8%.
(N=2,782 ; FY 2024)





## Edad ng mga tumugon

50.5% ang sinakop ng mga trainee na wala pang 30 yrs. Old. (N=2,782 ; FY 2024)





## Nasyonalidad ng mga tumugon

Ang mga Vietnamese ay bumubuo ng mahigit kalahati, at kapag pinagsama ang mga Chinese, umaabot ito sa humigit-kumulang 70%. ( N=2,782 ; FY 2024)




## Uri ng trabaho sa teknikal intern training


「Dumarami ang trabaho sa konstrucksyon (23.9%), na sinundan ng Makinarya/Paggawa ng Produktong Metal (19.6%). ( N=2,782 ; FY 2024)




※ Kabilangsa "At ibapa"ang Plastic Molding, Care worker, Welding, Automobile repair at maintenance, Industrial packaging, Building cleaning atbp.

## Epekto ng Technical Intern Training Program

87.4% sa mga sumagot ay nagsasabi na ang natutunan nila sa panahon ng technical intern training ay, “napakinabangan pag uwi nila”. （N=1,432 ; FY 2024）





※ Kasama rin sa taong 2020 ang mga dating Teknikal Intern Trainee na hindi pa nakakauwi.

## Mga detalyeng kapakipakinabang

Sa mga espesipikong detalye bakit kapakipakinabang, pinakamataas ang “Nakamtan na technical skills ” na nasa 75.1%, sinundang “Disiplina sa trabaho” na 67.1%, at “Nakamtan na abilidad sa wikang Hapon” na nasa 65.5%.

※Maaring higit pa sa isa ang sagot（ N=1,252 ; FY 2024）




# Katayuan ng trabaho pagkatapos bumalik sasariling bansa (kabuuan).

**Katayuan ng trabaho pagkatapos bumalik sa sarilingbansa**


※ Kasama rin sa taong 2020 ang mga dating Technical Intern Trainee na hindi pa nakabalik sa kanilang bansa.


Tungkol sa katayuan sa trabahomataposbumalik sa sariling bansa, 25.9% sa mga sumagot ay “natanggap at nagtatrabaho” (13.0%) , “natanggap at naka iskedyul na magtrabaho” (4.3%), o nag simula ng negosyo(8.6%). ( N=1,339 ; FY 2024)
Sa mga nagsabing sila ay nagtatrabaho na, nakatakda ng matrabaho, o nag simula ng negosyo ay 64.5%, sa nag sabing pareho ng trabaho ng tulad ng sa training ay 47.8%,
Sa parehong uri ng trabaho sa training ay 16.7%. .Para sa status ng kategoryang trabaho, tingnan ang p. 6, kategorya sa nasyonalidad, tingnan sa p.7. ( N=347 ; FY 2024)

## 【 Kalagayan sa FY 2024 】




## 【 Kalagayan sa paglipas ng panahon 】




# Problema sa panahon ng training (paninirahan) sa Japan


## Mga problema sa panahon ng training

Ukol sa katanungan kung nagkaroon ng problema ang mga trainee saJapan maliban sa komunikasyon sa wikang Hapon,86.8% ay sumagot na, “walang problema”（※1）. Ang pinaka-espesipikong detalye na, “Nagkaroon ng problema” dahil sa“nalulungkot at nawalay sa pamilya” ay nasa 55.4%.(※2).

（※１ N＝2,782 ※２ N=305；FY 2024）


【Mga naging problema】







# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (kategorya ng trabaho)

## Employment status matapos bumalik sa sariling bansa
（N=1,339 ; FY 2024）




## Nilalaman ng trabaho
（N=347 ; FY 2024）








(※) Dahil sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi eksaktong magkatugma. (FY 2024)

# Employment status matapos bumalik sa sariling bansa (nasyonalidad)

Employment status matapos bumalik sa sariling bansa
( N=1,339 ; FY 2024)




Nilalaman ng trabaho ( N=347 ; FY 2024)




(※) Dahil sa rounding, ang mga numero ay maaaring hindi eksaktong magkatugma

(FY 2024)

# Status ng pag-aaral ng wikang Hapones

## Paraan ng pag-aaral ng wikang Hapones

Ang mga paraan ng pag-aaral ng wikang Hapones, “nag-aral nang mag-isa” ang may pinakamataas na bilang na 80.3%. Sinundan ito ng “Tinuruan ng mga kaibigang kapwa-nasyonal na marunong magsalita ng Hapones o ng mga Hapones” na may 23.8%, at “lumahok sa mga klase o study group ng wikang Hapones sa pinagtatrabahuhan” na may 18.2%. 。※ Maaaring pumili ng higit sa isa（ N=2,041 ； FY 2024）

